SA MGA BIKTIMA NG ECLIP

Anuman ang inyong sirkumstansya na kinapalooban at kadahilanan, kung bakit at paano kayo naipit sa ECLIP ay nasa inyong kapasyahan.

Kinikilala namin ang karapatan ng sinuman na pumili ng ideolohiya at pampulitikang pananaw na kanyang titindigan.

Gayunman, kinukondena namin ang paglulubid ng kasinungalingan -- ng mga gawa-gawang kwento at testimonya laban sa Communist Party of the Philippines, New People's Army, sa National Democratic Front at sa mga masang nakikiisa sa mga adhikain at adbokasiya ng rebolusyonaryong kilusan. Kinukondena namin ang pilit at malisyosong pag-uugnay sa mga rebolusyonaryong organisasyon sa mga indibidwal, institusyon at mga ligal demokratikong organisasyon ng masa. Boluntaryo man, o napipilipit lamang kayo ng mga ahente sa saywar ng NTF-ELCAC, ang inyong ginagawa ay malinaw na pagpanig sa kaaway ng mamamayan.

Ilang lider halimbawa sa Hacienda Luisita na ngayon ay nagpapagamit sa NTF-ELCAC sa pamamagitan ng kampanyang pa-surender ng rehimeng US-Duterte ay biktima mismo ng pandarahas ng estado -- ilang beses nakaranas ng pananakot ng militar, pang-iintriga at nasampahan ng samu't saring gawa-gawang kaso; pinagtangkaang patayin, tinakot, napukpok sa ulo, nabugbog at nakulong.

Biktima kayo. Kayo ay malinaw na halimbawa ng pandarahas ng estado, ng panlilinlang at manipulasyon.

Wala ng maskara pa o kamoplaheng makakapagtakip sa kalupitan ng rehimeng US-Duterte. Walang kabusugan itong nag-aakumula ng yaman at kapangyarihan mula sa dugo at pawis ng masang anakpawis.

Hindi pa huli ang lahat. Anuman ang inyong sirkumstansya na kinapalooban at kadahilanan, nasa iyong pagpapasya ang tumindig at humulagpos sa pagkaipit sa ECLIP.



Patuloy ba ninyong itataguyod at ipagtatanggol ang gubyernong Duterte na walang kahihiyan na nag-anunsyo sa mundo ng kanyang pag-SURENDER sa soberanya ng bansa sa pananakop ng teritoryo ng imperyalistang Tsina? Yuyukod pa rin ba kayo sa gubyernong numero unong terorista at sagad-sagarin ang pagpapakatuta sa imperyalistang US? Hihimukin niyo pa rin ba ang kapwa ninyo masa na isuko ang kanilang kalayaang sibil, ang kanilang pandaigdigang karapatan sa paninindigang pampulitika at hangarin para sa tunay na kalayaan at demokrasya?

Tumindig at maglingkod sa interes ng uring api! Huwag pahosteyds habangbuhay sa ECLIP! Huwag pagamit sa gubyernong pusakal na kriminal!

Tumindig. Itakwil ang rehimeng US-Duterte!

2021 Abril 21

Mga Ka-Bigwas,

Kilalaning maigi ang kaaway at kakampi ng masa.

Ituon ang talim ng ating paglaban sa nagjhaharing pangkatin na nasa estado poder, ang rehimeng US-Duterte. Kumbinsihin ang mga na-ECLIP na humulagpos sa pagkagapos sa ideolohiya at doktrina ng naghaharing uri. Habang ang mga tahasang nagtaksil at aktibomg nagoapagamit sa operasyong miliyar at saywar ng estado ay ilantad, kundenahin at ihiwalay sa malawak na masa.

Ito lang muna mga ka-Bigwas. Hanggang sa muli!

I-repost, isownload, i-print at ipamahagi ang mga Bigwas issues. Maraming salamat.

BIGWAS
KANLURAN GITNANG LUZON